

# **Mga Kayamanang Lumilipas**

(Pambungad na Panalangin, pahina ii)

## **I. ANG TATLONG PAGBASA**

### **UNANG PAGBASA** (Ecl 1:2;2:21-23)

<sup>2</sup>**WALANG kabuluhan**, walang halaga ang lahat ng bagay, sinabi ng Mangangaral. <sup>21</sup>Lahat ng ginawa ng tao'y pinamuhunanan niya ng karunungan, kaalaman at kakayahan ngunit pagdating ng araw ay maiiwan lamang sa susunod sa kanya. Ito ma'y walang kabuluhan. <sup>22</sup>Anuman ang gawin ng tao ay nagdudulot ng kabiguan at sakit ng kalooban. <sup>23</sup>Anumang gawin ng tao'y nagdudulot sa kanya ng balisa at hinanakit. May mga gabi pang hindi siya makatulog sa pag-iisip. Ito man ay walang kabuluhan.

**Tema: Walang Kabuluhan (Lumilipas)**

### **PAGPAPALIWANAG**

- Ang Ecclesiastes, Mangangaral (Qohelet) ay kabilang sa mga aklat ng karunungan.
- Qohelet = salitang Hebrew na nangangahulugang Guro sa isang pagtitipon.
- Ang manunulat ay negatibo sa kanyang pag-iisip ng sabihin niyang ang lahat ay walang kabuluhan.
- Ang b. 2:21 ay nagpapakita na ang lahat ng pagsisikap ng tao ay walang halaga. Ang dahilan: Iiwan din niya ang lahat ng kanyang pag-aari.
- Sa b.22, nagtatanong kung ano nga ba ang pakinabang ng tao sa lahat ng kanyang gawain at dibdibang pagtatrabaho sa ilalim ng init ng araw.
- Sa b.23, ibinigay ang kasagutan: Lahat ng araw niya ay kalungkutan at kapighatian ang hatid; ni ang isip ay walang pahinga.

### **PAGNINILAY**

Bakit nga ba tayo abalang-abala sa paggawa sa ibang bagay? Hindi naman natin kayang dalhin sa kabilang-buhay ang lahat ng ating pinagpaguran.

### **SALMONG TUGUNAN** (Slm 95:1-2, 6-7, 8-9)

**POON, AMIN KANG TAHANAN NOON,  
NGAYON AT KAILANMAN.**



### **IKALAWANG PAGBASA** (Col 3:1-5, 9-11)

<sup>1</sup>Binuhay kayong muli, kasama ni Kristo, kaya't ang pagsumakitan ninyo ay ang mga bagay na nasa langit na kinaroroonan ni Kristo na nakaupo sa kanan ng Diyos. <sup>2</sup>Isaisip ninyo ang mga bagay na panlangit, hindi ang mga bagay na panlupa, <sup>3</sup>sapagkat namatay na kayo at ang tunay na buhay ninyo'y natatago sa Diyos, kasama ni Kristo. <sup>4</sup>Si Kristo ang tunay na buhay ninyo, at pag siya'y nahayag, mahahayag din kayong kasama niya at makakahati sa kanyang karangalan.

<sup>5</sup>Kaya't dapat nang mawala sa inyo ang mga pitang makalaman: pangangalunya, kahalayan, mahalay na simbuyo ng damdamin, masasamang nasa, at ang pag-iimbot na isang uri ng pagsamba sa diyus-diyusan. <sup>9</sup>Huwag kayong magsisinungaling sa isa't isa, yamang hinubad na ninyo ang dating pagkatao pati ng mga gawa nito <sup>10</sup>at **nagbihis na ng bagong pagkatao**. Patuloy itong nababago ayon sa larawan ng Diyos na lumikha sa inyo, upang maging ganap ang inyong kaalaman tungkol sa kanya. <sup>11</sup>Kaya't wala nang pagkakaiba ang Griego at ang Judio, ang tuli at ang di tuli, ang dayuhan at ang mabangis na tao, ang alipin at ang malaya. Kay Kristo, walang pagkakaiba ang lahat at siya'y sumasalihat.

**Tema: Ang Mas Mahalaga**

### **PAGPAPALIWANAG**

- Ang Pagbasa ay tungkol kung ano ang mas mahalaga. Ang tamang asal ng isang Kristiyanong ay alinsunod sa ating dangal bilang Anak ng Diyos.

- Ang b.1 ay nagsasabing, “binuhay kayong muli, kasama ni Kristo, kaya’t ang pagsumakitan ninyo ay ang mga bagay na nasa langit...”
- Ang b.2 naman ay nagpapaalala, “Isaisip ninyo ang mga bagay na panlangit.”
- Sa b. 10, ipinapakita na “nagbihis na ng bagong pagkatao. Patuloy itong nababago ayon sa larawan ng Diyos na lumikha sa inyo, upang maging ganap ang inyong kaalaman tungkol sa kanya” Bakit ang ating dapat pagsumakitan ang makalangit na bagay? Ang sagot ay nasa b.1, “nasa langit na kinaroroonan ni Kristo na nakaupo sa kanan ng Diyos.” Ibig sabihin, dapat nating ituon ang ating atensyon kay Kristo dahil siya ang namamagitan sa atin sa langit.
- Sa b. 3, ipinapakita na ang ating buhay ay natatago sa Diyos kasama ni Kristo. Sa katotohanan, nasa presensya tayo ng Diyos; kabahagi tayo ng misteryo ng Diyos.
- Ipinapaliwanag ng b.10 kung ano ang bagong sarili: patuloy na nagbabago ayon sa larawan ng Diyos patungo sa ganap na kaalaman tungkol sa kaniya. Ang bagong sarili ay hindi pagtatanggi sa anumang lahi at uri ng tao. Ito ay pakikisama. Ang bagong sarili ay hindi pagtingin sa pagkakaiba ng dugo, lupa at kultura. Ano ang inaasal ng mga naghahanap sa makamundong bagay at namumuhay sa luma nilang sarili (b.9).
- Imoral; malaswa, mahalay, nangangalunya, masama ang nasa, nagsisinungaling, may pagiimbot = pagsamba sa diyos-diyusan.

## **PAGNINILAY**

Dahil bahagi tayo ng katawan ni Kristo, tayo ay dapat mayroong mabuting pamumuhay at nanatili sa ating sinumpaang pangako sa binyag na tatalikuran ang kasalanan.

---

---

---

## **MABUTING BALITA (Lc 12:13-21)**

NOONG panahong iyon, <sup>13</sup>sinabi kay Hesus ng isa sa mga tao, “Guro, iutos nga po ninyo sa kapatid ko na ibigay sa akin ang bahagi ko sa aming mana.” <sup>14</sup>Sumagot siya, “Ginoo, sino ang naglagay sa akin bilang hukom o tagapaghati ng mana ninyo?” <sup>15</sup>At sinabi niya sa kanilang lahat: “Mag-ingat kayo sa lahat ng uri ng kasakiman; sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa laki ng kayamanan.” <sup>16</sup>At pagkatapos

ay isinaysay ni Hesus ang talinghagang ito: “Ang bukirin ng isang mayaman ay umani nang sagana. <sup>17</sup>Kaya’t nasabi niya sa sarili, ‘Ano ang gagawin ko? Wala na akong paglagaan ng aking ani!’ <sup>18</sup>A, gigibain ko ang aking mga kamalig, at magtatayo ako ng lalong mas malaki. Doon ko ilalagay ang aking ani at ari-arian. <sup>19</sup>At sasabihin ko sa aking sarili, ayan, marami na akong ari-arian! Hindi na ako kukulangin habambuhay! Kaya’t mamamahinga na lang ako, kakain, iinom, at magsasaya!’ <sup>20</sup>Ngunit sinabi sa kanya ng Diyos, ‘Hangal! Sa gabing ito’y babawian ka ng buhay. Kanino mapupunta ang mga bagay na inihanda mo?’ <sup>21</sup>Ganyan ang sasapitin ng **nagtitipon ng kayamanan para sa sarili, ngunit dukha naman sa paningin ng Diyos.**”

**Tema: Kasakiman**

## **PAGPAPALIWANAG**

- Ang Ebanghelyo ay tungkol sa kasakiman.
- Sa kabila ng kalinawan ng misyon ni Hesus, ang ipangaral ang kaharian ng Diyos, marami pa ring hindi nakaintindi sa kanya. May ibang tao na nabubuhay sa materyal na interes (b. 13).
- Sa b.14, si Hesus ay tumugon sa taong nagpapatulong sa kanya tungkol sa paghahati ng mana nilang magkapatid.
- Si Hesus ay hindi isinugo ng Diyos upang maging hukom o tagahatol ng mga materyal na bagay. Siya ay naparito upang tayo ay gabayan at patnubayan sa ating pag-unlad natin sa kaharian ng Diyos. Siya ay may mahalagang misyon. Hindi siya dapat maguluhan.
- Nangaral si Hesus sa mga tao dahil sa pangyayaring ito. Lubusang itinuro ni Hesus na iwasan ang anumang uri ng kasakiman (b.15).
- Ang buhay ay hindi lamang nakasalalay sa anumang uri ng kayamanan at ari-arian.
- Ang talinghaga sa bb.16-21 ay isang paalala laban sa kasakiman ng tao. Ang mayamang hangal na nagkaproblema dahil sa dami ng kanyang ani at ari-arian. Wala na siyang mapaglagaan ng kanyang kayamanan. Sa dami ng ari-arian niya ay wala na siyang kapanatagan.
- Ang kayamanan niya ang naging tanging dahilan ng kanyang kaligayahan. Siya ay magpapahinga, kakain, iinom at magsasaya.
- Sa harapan ng Diyos, siya ay hangal; walang laman ang kanyang utak (b.20).
- Siya ay naligaw ng landas at hindi na niya iniisip ang magbago at maghanda para sa paghahari

ng Diyos. Pinapaalalahanan siya ng Diyos na walang halaga ang kanyang mga ari-arian dahil sa kamatayan.

- Ang isang sakim na tao ay maaaring maging mayaman sa materyal na bagay ngunit mahirap sa espiritwal na bagay.
- Ang tunay na nakikinig ay mas nanaising maging mayaman sa espiritwal kaysa sa materyal na bagay.

## **PAGNINILAY**

Hindi kasalanan ang maging mayaman. Hindi ito dahilan upang hindi pagharian ng Diyos. Ngunit, hindi magiging kaaya-aya sa paningin ng Diyos kung ang ating kayamanan ay para lamang sa ating pansariling kasiyahan.

## **II. PAG-UUGNAY**

Ang Unang Pagbasa ay tungkol sa mga bagay na walang kabuluhan. Sa Ikalawang Pagbasa naman pinag-uusapan ang mga mahahalagang bagay o yaong mga makalangit. Samantalang ang Ebanghelyo ay tungkol sa mayamang hangal. Naging mas mahalaga sa kaniya ang mga walang kabuluhang bagay, yaong lumilipas at naiwanan kapag sumakabilang-buhay.

### ***Gabay sa pagbuo ng Homiliya/Pagbabahagi***

Mag-umpisa sa paglalarawan kung ano ang kasakiman at bigyang diin ang panlabas na kaanyuan, kagamitan, karangalan, salapi, at gawaing walang katuturan. Lumilipas.

Ang kasakiman ay bunga ng matinding pagnanais sa atensyon, makamundong kasiyahan, kapanatagan at mga bagay na hindi kailangan.

Ang liturhiya ay nagnanais na ang bawat Kristiyano ay paglabanan at iwasan ang anumang uri ng kasakiman dahil ito ang magpapababa sa ating dignidad bilang mga Anak ng Diyos. Papawiin nito ang lahat ng ating lakas at konsentrasyon. Ilalayo tayo nito sa ating relasyon sa Diyos.

Kahit ibinigay na natin ang ating sarili sa Diyos, meron pa ring mga pagkakataon na tayo ay nagiging kampante, nakakalimutan ang ating pagdarasal at ang ating espiritwal na pamumuhay dahil lamang sa kayamanan at karangyaan na ating natatanggap.

Nais ng Diyos na tayong mga Kristiyano ay maging mas mayaman sa mga bagay na makalangit

at kalimutan na tayo ay mahirap sa materyal na bagay.

Pinapaalalahanan ng Diyos ang mga hangal na sinasayang ang buhay upang magkaroon lamang ng kayamanan at ari-arian. Paano natin malalaman na tayo ay mahirap sa paningin ng Diyos? Kapag hindi natin alam kung papaano magdasal. Hindi natin naisasabuhay ang mensahe ng Diyos at kapag hindi na tayo pamilyar sa Salita ng Diyos. Hindi natin alam kung ano ang dahilan ng ating paglilingkod sa Simbahan. Hindi natin maipaliwanag kung bakit kinakailangan nating mahalín ang isa't isa. Hindi natin matutunang magpatawad at kung papaano tumulong sa mga mahihirap. Hindi tayo marunong magparaya at magbigay. Sa tuwing may oras tayo, mas ginugusto pa natin na gumimik at naisin ang mga mga panlabas na luho. Kapag tayo ay nalulunod sa sarili nating kagustuhan at hindi na nakapagbibigay ng oras sa Diyos.

Paano natin malalaman na tayo ay mayaman sa bagay makalangit? Tayo ay may mabuting pamumuhay, pagkilos at pag-uugali. Kaya nating iisantabi ang maraming gawain, upang magkaroon lamang tayo ng mas maraming oras sa pagdarasal. Pinagtutuunan natin ng pansin ang pag-iipon ng pera para sa pagtulong sa mga nangangailangan. Hindi tayo nagsasalita ng mga malalaswang bagay bagkus ipinapahayag natin ang Salita ng Diyos. At, isinasabuhay natin ang ating pananampalataya. Mapagkumbaba din tayong humaharap sa ating mga espiritwal *director*.

Sa Eukaristiya ipinakita ni Hesus ang tunay na pagbibigay ng buong sarili para sa iba. Tayo rin ay kanyang inaasahan na makibahagi sa kanyang halimbawa na ialay ang lahat para sa tunay at tapat na paglilingkod sa ating kapwa hanggang kamatayan. Isinuko niya ang lahat ng karangyaan at kayamanan upang ibigay sa atin ang kanyang buhay upang tayo ay mamuhay kasama niya.

## **III. SALAMIN NG BUHAY**

Papaano mo naisasakatuparan ang pagtulong sa iyong kapwa bilang isang binyagang Katoliko?

-Pagpapaliwanag: **Fr. Cielo Almazan, OFM**  
*Isinalin ni Romeo R. Ojero II*

*(Pangwakas na Panalangin)*